NAIS BAGUHIN NG DIYOS ANG MUNDO

Ika-3 Linggo ng Adbiyento [A] • Disyembre 12, 2010

Mga Pagbasa

* **Isa 35:1-6a.10 –** Ang Diyos mismo ay darating na para iligtas tayo.
* **San 5:7-10 –** Dapat tayong matuto sa magsasaka na matiyagang maghintay.
* **Mt 11:2-11 –** Tinutupad ni Hesus ang kanyang mga propesiya.

Paunang Salita

Ngayon ay *"Linggong Gaudete."* Sa araw na ito, agad tayong nagsisimulang maghanda para sa pagdiriwang ng pagdating ng Panginoon. Ang pagbibilang ng araw hanggang Pasko ay nagsisimula nang buong pananabik at masayang pag-asa. Inilalahad sa Una at Ikatlong Pagbasa ang mga dahilan ng panawagan para magsaya: hatid sa atin ng Panginoon ang Kanyang pagliligtas.

Sinasabi ni Isaias na ***personal na darating ang Panginoon mismo*** upang iligtas ang Kanyang bayan. Ang makikinabang sa Kanyang pagdating ay lahat ng uri ng mga iniiwasan – mga taong gaya ng mga bulag, mga bingi, mga pilay . . . . Magkakatotoo ang propesiyang ito sa panahon ng apostolikong ministeryo ni Hesus. Ipahahayag ng kanyang mahimalang pagpapagaling na siya nga ang hinihintay na Mesiyas at ang kanyang misyon ay magdudulot ng kaligtasan sa lahat ng maghahangad nito.

Ngunit ang pangitaing ito ng propeta ay hindi lamang pagbabadya ng kung sino siya o ano ang gagawin niya. Ito ri'y isang hamon sa atin upang magsikap para magkatotoo sa ating panahon ang gayong pangitain.

UNANG PAGBASA • Isa 35:1-6a.10

Balangkas

*** 1-2** – Paanyaya sa kalikasan para magalak
*** 3-6** – Mga pampalakas-loob sa mga ipinatapon
*** 10** – Propesiya ng masayang pagbabalik ng mga ipinatapon

Kaligirang Pangkasaysayan

Dahil sa hirap at kawalan ng pag-asa na pinagdaanan sa pagkakapatapon sa kanila sa Babilonia, paulit-ulit na pinanghinaan ng loob ang mga Israelita. Kaya nga, nagsugo sa kanila ang Panginoon ng mga tagapaghatid ng pag-asa, tulad ni propetang si Isaias, na naglarawan sa kanila ng kagalakan, kasaganaan, at kapayapaan.

Panimula

Ang siping ito ay isa sa mga propesiya ng propetang ito na ipinatungkol niya sa mga kapatid na pinanghihinaan ng loob para ipaalaala sa kanilang patuloy pa rin silang kinakalinga ng Diyos at pinaglalaanan ng isang magandang kinabukasan.

Nang may bahagyang pagbabago, ang mensaheng ito ay angkop pa rin sa ating nangangarap ng higit na magandang mundo.

Isaias 35:1-6a.10

Ang ulilang lupaing malaon nang tigang ay
muling sasaya, mananariwa at mamumulaklak
ang ilang. 2 Ang dating ilang ay aawit sa tuwa,
ito'y muling gaganda tulad ng mga Bundok ng
Libano at mamumunga nang sagana, tulad ng
Carmelo at *Saron*. Mamamasdan ng lahat ang
kaningningan at kapangyarihan ng Panginoon.
3 Inyong palakasin ang mahinang kamay, at
patatagin ang mga tuhod na lupaypay. 4 Ito ang
sabihin sa pinanghihinaan ng loob: "Huwag kang
matakot, laksan mo ang iyong loob. Darating na
ang Panginoong Diyos, at ililigtas ka sa mga
kaaway." 5 Ang mga bulag ay makakikita, at
makaririnig ang mga bingi. 6 Katulad ng usa, ang
pilay ay lulundag. Aawit sa galak ang mga pipi.
10 Ang mga tinubos ng Panginoon ay babalik sa
Jerusalem, masiglang umaawit ng pagpupuri.
Paghaharian sila ng kaligayahan. Lungkot at
dalamhati ay mapapalitan ng tuwa at galak
magpakailanman.

Ang Salita ng Diyos sa Aking Buhay

1. Ako ba'y nasiraan na ng loob? Bakit?
2. Kangino ako lumalapit sa oras ng krisis at panghihina ng loob?
3. Ako ba'y nagpara nang isang propeta ng kasiyahan at pag-asa sa mga taong naghihirap?

IKA-2 PAGBASA • San 5:7-10

Balangkas

*** 7** – Paalalang matiyagang maghintay tulad ng magsasaka
*** 8-10** – Paalalang magtiyagang tulad ng mga propeta

Kaligirang Pangkasaysayan

Ang mga unang pamayanang Kristiyano ay umaasa sa nalalapit nang pagbabalik ng Panginoon upang maghatid ng katarungan at pangwakas na kalayaan sa lahat ng anyo ng pang-aapi at paghihirap.

At pagkat di nagkatotoo ang gayon nilang inaasahan, marami ang nasiphayo at naubusan ng pasensiya. Sa kanila ipinatutungkol ni Santiago ang isang bahagi ng kanyang sulat.

Panimula

Sa pamamagitan ng halimbawa sa buhay ng magsasaka *(t. 7)* at paggunita sa katatagang moral ng mga propeta ng matandang panahon *(t. 10),* ipinaaalaala ng may-akda sa mga mananampalataya noon ang tiyaga at pananalig sa pagtulong ng Panginoon.

Kahit na ngayon, ibayong panahon ang kailangan para paghusayin ang ating paghahanda para sa pagdating ng Panginoon. Inaasahan tayong umiwas sa anumang makasasakit sa ating kapwa at tibayan ang ating pananalig sa katapatan ng Diyos sa Kanyang mga pangako.

Santiago 5:7-10

7 Kaya nga't magtiyaga kayo, mga kapatid,
hanggang sa pagdating ng Panginoon. Tingnan
ninyo ang magsasaka. Buong-tiyaga niyang
hinihintay ang mahalagang bunga ng kanyang
bukirin, at ang pagpatak ng una at huling ulan.
8 Dapat din kayong magtiyaga. Tibayan ninyo ang
inyong loob, sapagkat nalalapit na ang pagdating
ng Panginoon.
9 Huwag kayong maghinanakitan, mga
kapatid, upang hindi kayo hatulan ng Diyos,
sapagkat malapit nang dumating ang Hukom.
10 Mga kapatid, tularan ninyo ang mga propetang
nagsalita sa ngalan ng Panginoon.

Ang Salita ng Diyos sa Aking Buhay

1. Gaano ko pinananabikang harapin ang Panginoon?
2. Ano ang nag-uudyok sa akin para manabik nang gayon? Dahil ba sa hangad kong lalong mapalapit sa Panginoon, o pananabik sa lahat ng kasayahang dulot ng Pasko?
3. Sinasamantala ko ba ang Adbiyentong ito para mapagbuti ang aking pag-uugali?

MABUTING BALITA • Mt 11:2-11

Balangkas

*** 2-3** – Pagtatanong ni Juan Bautista tungkol kay Hesus
*** 4-6** – Tugon ni Hesus
*** 7-11** – Opinyon ni Hesus tungkol kay Juan Bautista

Kaligirang Pangkasaysayan

Ang Bibliya ay maraming propesiya tungkol sa Mesiyas, ngunit di sila madaling makitang nagkakaisa.

Noong panahon ni Hesus, karamiha'y umaasa sa isang Mesiyas na pulitikal. Sa ganang kay Juan Batista, ang Mesiyas ay isang hukom na magpaparusa sa lahat ng makasalanan. *(Sangguniin ang sipi ng Ebanghelyo noong nakaraang Linggo.)* Ngunit si Hesus, sa kanyang pagtuturo, gayundin sa kanyang saloobin at asal, ay tila hindi tumutugon sa alin man sa mga inaasahan ng kanyang mga kapanahon, kasama na rito si Juan.

Panimula

Nagsugo si Juan kay Hesus upang tanungin kung siya nga ang Mesiyas o hindi. Di naman tuwiran ang sagot ni Hesus sa:

i. pagsasabing natutupad ang propesiya ni Isaias tungkol sa Mesiyas sa kanyang ginagawa *(sangguniin tt. 4-5; at tt. 5-6 ng Unang Pagbasa);* at
ii. pagpapahayag na si Juan ang "sugo" para maghawan ng daraanan ng Mesiyas.

Mateo 11:2-11

Noong panahong iyon: 2 Nabalitaan ni Juan
Bautista, na noo'y nasa bilangguan, ang mga
ginagawa ni Kristo. Kaya't nagsugo si Juan ng
kanyang mga alagad 3 at ipinatanong sa kanya,

"Kayo po ba ang ipinangakong paririto, o maghihintay pa kami ng iba?"

4 Sumagot si Hesus, "Bumalik kayo kay Juan
at sabihin sa kanya ang inyong narinig at nakita:
5 nakakikita ang mga bulag, nakalalakad ang mga
pilay, gumagaling ang mga ketongin, nakaririnig
ang mga bingi, muling nabubuhay ang mga
patay, at ipinangangaral sa mga dukha ang
Mabuting Balita. 6 Mapalad ang taong hindi
nag-aalinlangan sa akin!"

7 Pag-alis ng mga alagad ni Juan, nagsalita si
Hesus sa mga tao tungkol kay Juan: "Bakit kayo
lumabas sa ilang? 8 Ano ang ibig ninyong makita?
Isa bang tambo na inuugoy ng hangin? 9 Ano nga
ang ibig ninyong makita? Isang taong may
maringal na kasuotan? Ang mga nagdaramit ng
maringal ay nasa palasyo ng mga hari! Ano nga
ba ang ibig ninyong makita? Isang propeta? Oo.
At sinasabi ko sa inyo, higit pa sa propeta. 10 Sapagkat si Juan ang tinutukoy ng Kasulatan:
'Narito ang sugo ko na aking ipinadadalang
mauuna sa iyo; ihahanda niya ang iyong daraanan.' 11 Sinasabi ko sa inyo: sa mga isinilang,
wala pang lumilitaw na higit na dakila kay Juan
Bautista; ngunit ang pinakaaba sa mga taong
pinaghaharian ng Diyos ay dakila kaysa kanya."

Sa Ganap na Pag-unawa sa Mensahe

1. Nasaan si Juan nang magsugo siya ng kanyang mga disipulo kay Hesus?
2. Ano ang itinanong nila kay Hesus?
3. Ano ang sagot ni Hesus?

Pagtuklas sa Mensahe

1. Anong uri ng Mesiyas ang inaasahan ng mga Judio noong panahon ni Hesus? *(Sangguniin ang Kaligirang Pangkasaysayan, kung kailangan.)*
2. Bakit nagpapunta si Juan ng kanyang mga disipulo kay Hesus?
3. Ano ang ibig sabihin ng sagot ni Hesus?
4. Paanong pinakamagandang mailalarawan ang misyon ni Juan Bautista? *(Sangguniin t. 10.)*
5. Ano ang palagay ni Hesus sa kanya?
6. Sino ang higit na dakila kaysa kay Juan Bautista?

Ang Salita ng Diyos sa Aking Buhay

1. Kailanman ba'y nag-alinlangan ako sa aking pananampalataya? Sino ang dapat kong lapitan para sa kailangang pagpapaliwanag?
2. Sumulat ng isang maikling liham kay Juan Bautista, na nagsasabi kung sino si Hesus para sa iyo.
3. Ano ang inaasahan ko kay Hesus bilang Mesiyas at Tagapagligtas? Nabigo na ba niya ako? Nabigo ko na ba siya?

PAGNINILAY

Ang liturhiya para ngayon ay tinatampukan ng isang mapilit na pangganyak sa ***pagsasaya***. Ito'y dahil sa "pagiging malapit ng Panginoon"—na sanhi ng pamumulaklak sa disyerto at mga mahimalang pagbabagong nakapapawi sa lahat ng pagdurusa. Mga gayong pagbabago ay sukat ngang ipagsaya at ikapanabik.

Ngunit ang inilalarawan ng Una at Ikatlong Pagbasa ay mahirap paniwalaan, lalo na ng mga taong "makatotohanan." Para sa ating mga karaniwang tao, ang nakikita nati'y kabaligtaran ng tila ulirang larawan: namumuhay tayong lugmok sa pagdurusa, kawalan ng katarungan, pang-aapi, pagsasamantala, gutom, kapusukan, walang katapusang pagpapasama. Ang magandang inilalarawan ni Isaias ay tila imposibleng magkatotoo. Bagkus, higit itong tila isang malikmata sa halip na plano para sa isang posibleng pagpapakabuti.

Gayon ang pananaw ng mga taong "makatotohanan" *("di-naniniwala.")* Ang gayong "pananaw" ay isang hamon sa ating mga Kristiyano at lahat ng nagpapahalaga sa mga pangitaing propetiko ng Banal na Kasulatan. "Kailan kaya magkakatotoo ang mga ganitong kamanghaan?" tanong ng mga "di-naniniwala." Mapilit nilang patuloy na itinatanong kung bakit di pa ito nagkakatotoo sa 2000 taon na ng Kristiyanismo. . . . "Di kaya ito nangangahulugang lahat ng magagandang pananalita ay bunga lamang ng guniguni't pagmimithi at ang relihiyosong pananampalataya ay walang halagang kasiyahan para sa mahihina?"

Marami sa mga "naniniwala" ay walang

maisa-got sa gayong hamon. Inaamin nilang sila ma'y nahihirapang magpaliwanag.

Gayunman, ang mga tunay na naniniwala ay ***may sagot sa ganyang mga kahirapan***. Alam nilang ang mga pangitaing iyon ng mga propeta ay salamin ng kung ano at paano ang nais ng Diyos. Kaya nga, ang mga ito ay kahatulan sa kasalukuyang sitwasyon at hamon para baguhin ito at ilapit sa huwarang ipinunla ng Diyos mismo sa ating mga puso.

Ang ganitong mga pangitain ay nagkatotoo kay Hesus sa pamamagitan ng kanyang presensiya at kanyang mga himala. Nagdulot ito ng kagalakan, kasiyahan, at katuparan. Saka ipinasa ni Hesus sa kanyang mga disipulo ang kanyang gawain at misyon. ***Ipinapasa rin ngayon ito sa atin*** at sa lahat ng naniniwala sa Diyos na nananawagan para sa pakikiisa sa pagtupad sa Kanyang planong pangkaligtasan.

Tayo ang dapat tumulong para makakita ang mga bulag, makalakad ang pilay, makarinig ang bingi, mabuhay muli ang patay. Inihahabilin sa atin ang misyon para magkatotoo ang pangitain ng mga propeta. Isa ngang malaking hamon ang gayong misyon sapagkat alam nating lahat ang ating kahinaan. Di tayo tulad ng mga apostol. At malayo tayong di-hamak kay Hesus. Gayunman, nananatili pa rin ang misyon at hamon, habang tinutulungan tayo ng Espiritu Santo.

Subalit sa kabila ng presensiya at kapangyarihan ng kakamping gayon kalakas, kailangan pa rin ang ating sariling pagsisikap. ***Magkakatotoo lamang ang mga gayong "pagpapagaling" at pagbabago depende sa kahandaan nating maging mga kasangkapan ng planong pangkaligtasan ng Diyos.***

Sa gayon magsisimulang "mamulaklak" ang disyerto ng ating kasalukuyang lipunan at "mamu-munga" ito ng pagkakaisa, kapatiran, katarungan, katapatan . . . at lahat ng ibang kabaitang papawi sa sakit ng ating kalooban at siya nating ikasasaya.

Ngayong palapit na ang Pasko at nauulit ang paanyaya sa ating mga simbahan at kalooban, alalahanin natin ang pangunahing kundisyon para sa gayong pagsasaya: ang katuparan ng pinapangarap ng Diyos na kaligayahan para sa lahat na bunga ng pakikipagtulungan ng lahat ng naniniwala rito.

SA LINGGONG HINAHARAP

Lunes • Bil 24:2-7.15-17a • Mt 21:23-27

"Nakikita ko ngunit hindi ngayon, siya'y aking namamalas ngunit hindi sa malapit. Isang tala ay sisikat mula sa lahi ni Jacob, lilitaw ang isang hari mula sa lipi ni Israel. Ito ang dudurog sa ulo ni Moab. Lilipulin niyang lahat ang mga anak ni Set." *(Bil 24:17)*

Martes • Sof 3:1-2.9-13 • Mt 21:28-32

"At ang iiwan ko roon ay mga taong mapagpakumbaba, na lalapit sa akin upang pasaklolo." *(Sof 3:12)*

Miyerkules • Isa 45:6-8.18.21-25 • Lu 7:18b-23

"Padadalhan kita ng sunud-sunod na tagumpay, parang masinsing patak ng ulan, dahil dito naghahari sa daigdig ang kalayaan at katarungan, akong Panginoon ang magsasagawa nito." *(Isa 45:8)*

Huwebes • Simula ng Simbang Gabi
Isa 54:1-10 • Lu 7:24-30

"Maguguho ang mga bundok at ang mga burol, ngunit ang pag-ibig ko'y hindi maglalaho, at mananatili ang kapayapaang aking pangako." Iyan ang sinasabi ng Diyos na Panginoon, na nagmamahal sa iyo. *(Isa 54:10)*

Pagsisimula ng Pambansang Taon ng Kabataan

Biyernes • Gen 49:2.8-10 • Mt 1:1-17

"Hawak niya'y setrong tuon sa paanan, sagisag ng lakas at kapangyarihan; ito'y tataglayin hanggang sa dumatal ang tunay na Haring dito'y magtatangan." *(Gn 49:10)*

Sabado • Jer 23:5-8 • Mt 1:18-24

"Nalalapit na ang araw," sabi ng Panginoon, "na pasisibulin ko mula sa lahi ni David ang isang sangang matuwid, isang hari na buong karunungang maghahari. Paiiralin niya sa buong lupain ang batas at katarungan." *(Jer 23:5s)*